

1

Napangiti si Sara Pimentel nang umibis siya sa kanyang sasakyan at nakita ang kanyang reflection sa side mirror. Binili pa niya ang bestidang iyon sa boutique para lamang sa gabing iyon.

It was a strapless knee-length white dress with tiny floral designs. Its bodice clung tight on her body, emphasizing her tiny waist and pushing up her chest to make her breasts appear fuller.

Thirty-four ang bustline niya, ngunit sa tangkad niyang five four ay maliit daw iyon. But with the dress' special cut and design, it formed a cleavage that she could be proud of.

Inilagay niya ang susi sa hawak niyang purse at tinungo ang elevator. Pinindot niya ang buton para sa fourth floor at matiyagang naghintay habang umaakyat ang lift patungo sa kanyang destinasyon. Mag-isa siya sa loob kaya malaya siyang muling tingnan ang sarili mula sa nakapalibot na salamin.

She had her hair curled and pulled on one side and secured it with a knot. Hindi siya gaanong mahilig mag-makeup, ngunit para sa gabing iyon ay naglagay siya ng kaunting powder, eyeshadow at lipstick.

She had to look her best, because that might be the greatest night of her life.

Kararating lamang niya galing Guam noong nakaraang linggo. Limang taon din siyang nanirahan doon kasama ng kanyang ama na si Roman pagkatapos itong hiwalayan ng ina niyang si Tessa. Hustong kaga-graduate niya noon sa kursong HRM kaya sumama siya sa nabanggit na bansa para magtrabaho roon. Ngayon ay naisipan niyang magbakasyon sa Pilipinas para makasama rin niya ang kanyang ina.

Kahit hindi siya gaanong naging malapit kay Tessa dahil parati itong nasa Singapore kung saan naka-base ang trabaho nito ay nag-alala siyang baka nalulungkot itong mag-isa, lalo na't nalaman niyang nag-retire na raw ito sa pinapasukang kompanya.

Parang hindi tumanda ang hitsura ng kanyang ina nang muli niya itong makita. Forty-nine na ito pero nagmukhang sampung taong mas bata kaysa tunay na edad nito. Hindi tuloy naniniwala ang mga tao na may anak na itong twenty-six years old na dalaga pa rin.

Pero desidido na siyang magkaroon ng kasintahan ngayon, at umaasa siyang sa gabing ito ay magkakatotoo ang kanyang pangarap na ligawan siya ng long-time crush niyang si Darell Montana.

Kinilig siya habang iniisip ang pagkikita nilang iyon ni Darell. Nasorpresa na lang siya nang tumawag ang isang babaeng nagngangalang Cristy at hinahanap ang kanyang ina.

Wala noon si Tessa kaya tinanong niya kung ano ang

kailangan nito. Hindi nito iyon sinagot, ngunit makaraan ang sampung minuto ay muli itong tumawag at sinabing secretary raw ito ni Darell.

She was so ecstatic to hear his name again after eight long years. He used to be the university's star basketball player while she was a cheerleader. Madalas silang magkita noon sa court, ngunit ilang beses lamang silang nagkausap. Eighteen pa lang siya noon nang mag-graduate ito sa kursong Engineering at hindi na sila muli pang nagkita.

Lalo pa siyang nasorpresa nang sabihin sa kanya ni Cristy na nais daw makipagkita sa kanya ni Darell nang personal. Hindi man niya alam kung ano ang dahilan, kaagad siyang pumayag dahil sa kasabikan niyang muling makita ang lalaking lihim niyang minahal noong college sila.

Mula noon ay binilang niya ang bawat oras, at sa wakas dumating din ang Sabado.

Bumukas ang pinto ng elevator at hustong katapat iyon ng receptionist ng restaurant.

“Excuse me,” aniya sa matangkad na babae. “I’m Sara Pimentel. Dumating na ba si Mr. Darell Montana?”

“Sandali lang po, Ma’am,” sagot nito at binuklat ang record book. “Ah, may naka-reserve pong table para sa inyong dalawa. Sasamahan ko po kayo.”

Sinundan niya ito papasok sa non-smoking area kung saan napalibutan iyon ng glass wall. Nagtungo sila sa bakanteng mesa at hinila nito ang isang upuan para sa kanya.

Disappointed siya dahil hindi pa dumating ang lalaki, ngunit ayos lang sa kanya ang maghintay rito. Nag-order muna siya ng juice para hindi siya mabagot.

She felt her heart beating fast. Ngayon pa lang ay kinakabahan na siya. Kung hindi niya makalma ang kanyang sarili ay baka himatayin siya kapag dumating na si Darell.

Bumukas ang glass door at isang matangkad na lalaki lalaki ang pumasok. Napadilat siya sa gulat. Ito na ba si Darell? Ganoon na ba ito kataba na halos maidikit na ang dibdib nito sa baba?

Nagdasal siyang sana ay mali siya, ngunit nang lumingun-lingon ito sa paligid na parang may hinahanap ay lalo siyang kinabahan. Napatingin ito sa kanya at mayamaya ay papalapit na ito sa kinauupuan niya.

Diyos ko! Siya na nga! she exclaimed softly and dropped her head in disappointment. Bakit nagkaganoon? Daig pa nito ang sumo wrestler sa timbang. Apat na araw ang hinintay niya para lamang makita ito. Kung alam lang niyang ganoon na ang hitsura ni Darell ay hindi na sana siya nakipagkita rito. Hindi pa sana nasira ang magandang alaala niya rito.

“Excuse me,” she heard him say across her. She remembered that voice very well, that low and gentle voice that she used to

love.

Huminga nang malalim si Sara. Ayaw man niya itong tingnan ay hindi siya dapat maging bastos.

“Yes?” she replied and forced her head up. Natulala siya nang ibang mukha ang nakita niyang nakatingin pababa sa kanya. Instead of the five hundred pound, double-chinned man she was expecting, a lean six-foot tall, broad-shouldered man of perfection was standing before her. Handsome was not even enough to describe him.

“Miss Sara Pimentel?”

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig at nagising siya sa kanyang pantasya. Nang makita niyang nakangiti ito ay biglang uminit ang kanyang mga pisngi. Siguradong napansin nito ang kanyang pagkatulala.

“Ah, yes,” hirap niyang sagot at lumingun-lingon sa paligid. Hinanap niya kung saan nagtungo ang matabang lalaki kanina. Nang makita niya itong umupo sa mesang nasa likuran niya ay nakahinga siya nang malalim. Hindi nga iyon si Darell, kundi itong nasa harapan niya.

“Something wrong?” tanong nito.

“Ha?” Bigla siyang tumayo para batiin ito. “Sorry, para kasing may nakita akong kakilala ko kanina.”

Tumango ito at iniabot ang kamay sa kanya. “I’m Darell

Montana. Nice to meet you.”

Gusto niyang sumigaw. Ngayong nagpakilala na ito ay sigurado na siya. Mabuti na lamang at hindi nasira ang mga pantasya niya, at hindi rin nasayang ang pagpapaganda niya.

Pinilit niyang kalmahin ang panginginig ng kanyang katawan bago niya ito kinamayan. “Same here.”

“Sorry I’m late,” anito nang magkatapat na silang nakaupo. “Got caught in traffic.”

“Okay lang. Kararating ko lang naman.”

Ngumiti ito at inabot ang menu na dala ng waiter. Siya ang naunang nag-order, at habang abala itong namimili ng appetizer ay lihim niya itong tinitigan.

His black hair had that smooth wave that she had not seen before. The planes of his face were hard, complemented by a long nose, strong squared jaws and full sensuous mouth. She remembered those eyes very well, dark with long lashes. Kung guwapo ito noon ay triple pa ngayon.

Bigla itong tumingin sa kanya at hindi na niya nagawang umiwas. Kahit alam niyang namumula na siya ay pinilit niyang salubungin ang tingin nito para palabasin na hinihintay niya itong tumingin sa kanya. Nang mapansin niyang nanginginig ang kanyang mga daliri ay pasimple niyang itinago ang kanyang kamay sa ilalim ng mesa.

Hindi niya maintindihan kung bakit ganoon na lamang siya kinabahan sa muli nilang pagkikita. Kaya nga siya nag-ayos at nagdamit nang maayos para magkaroon siya ng confidence kapag nakaharap na niya ito ngunit wala rin pala iyong silbi.

Nang umalis ang waiter ay muling ngumiti si Darell sa kanya. Nanahimik lamang ito habang nakatitig sa kanyang mukha. His eyes looked so perceptive, as though he could see right through her soul. For a moment, she wondered if he still remembered her.

“Paano mo nga pala nalaman ang number sa bahay?” tanong niya para basagin ang katahimikan.

“Actually, I was looking for a woman named Tessa Castillo,” suwabe nitong sagot.

Saglit na napaisip si Sara. Iyon ang maiden name ng kanyang ina. Naalala nga niya na iyon ang pangalan na tinanong ni Cristy nang una itong tumawag.

Hindi nga siya nito naaalala. Sana ay kanina pa siya nito kinumusta kung pamilyar ang mukha o pangalan niya rito. Ngunit hindi rin niya ito masisi. Sa dinami-dami ng naggagandahang mga babaeng naghahabol dito noon ay wala na sigurong espasyo sa memorya nito para sa kanya. Ngunit ang pinakanakakainis sa lahat ay hindi man lang nito pinansin ang kanyang hitsura. Ang mahal ng bili niya sa kanyang damit at ang tagal niyang inayos ang kanyang buhok ngunit parang wala man lang iyong kuwenta rito.

Looking at the suit he wore, she answered her own question. Matagal na niyang alam na chairman ng electronics company ang ama nito, at siguradong doon na rin ito namamasukan sa ngayon. Sa kakisigan at sa yaman nito ay sawa na siguro ito sa magagandang babae. Ordinaryo na lang siguro ang tingin nito sa kanya.

“She’s my mother,” sagot niya.

Tumango ito. “Cristy told me. So I thought mas maganda siguro na ikaw na lang ang kausapin ko since I never really had the chance to speak with your mother.”

“Busy kasi siya. Halos hindi nga kami nagkikita. Parati na lang siyang may lakad.”

He smiled, a wicked smile as though it meant something. “I figured.”

“B-bakit?” she asked curiously. “I mean, magkakilala ba kayo ni Mommy?”

“By name, yes. Pero hindi pa kami nagkakausap.”

“Is this about business?”

“Nope. It’s something personal.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Sara. Kanina pa siya naiintriga rito. “Which is?”

Huminga ito nang malalim at sandaling nanahimik. “You

see, my mother has been sick for quite a while now.”

Pinigilan niya ang pagtaas ng kanyang kilay. “Sick of what?”

“She’s too depressed. Dalawang buwan na siyang nagkukulong sa kuwarto niya. I tried to bring her to the hospital pero ayaw niya. Ayaw din niyang tumanggap ng doktor.”

Hindi sigurado ang dalaga kung ano ang dapat niyang sabihin. Hindi sa wala siyang pakialam sa ina ni Darell, ngunit hindi niya mawari kung bakit nito sinasabi iyon sa kanya. Tinawag ba siya nito para may pagsabihan ito ng problema?

“B-bakit? Ano’ng nangyari sa kanya?” tanong niya para hindi nito isipin na hindi siya interesado sa sinasabi nito.

“Iniwan kasi siya ng daddy ko,” sagot nito. “And last month, nag-file ng annulment si Daddy na lalong nagpalala sa lagay niya.”

“Gan’un ba? Ba’t naman ’yun ginawa ng daddy mo?”

“Because he fell in love with another woman, and that woman happened to be your mother.”

Napaawang ang mga labi ni Sara sa gulat. Isang buong minuto siguro siyang natulala at hindi man lang makakurap. “My mother?”

An amused smirk pulled the corner of his lips as he nodded. “Indeed. Hindi ko pa siya nakita, but now that I saw her daughter, I can assume that she must be a very beautiful woman. Kaya

siguro siya nagustuhan ni Daddy.”

Napangiti siya. Kahit hindi nito derechong sinabi ay papuri na iyon sa kanya. Napansin din naman pala nito ang kanyang hitsura. Akala niya ay dedma lang siya rito.

“Thank you, and yes, my mother is a beautiful woman. Sa kanya nga ako nagmana, eh. Magkamukha daw kami noong kaedad niya ako.”

He smiled and nodded. “I have nothing against that.”

Lihim siyang kinilig sa lagkit ng pagkakatitig nito sa kanya. Ngingiti na sana siyang muli nang bigla niyang maalala ang tungkol sa kanyang ina. “Sigurado ka bang si Mommy ’yung sinasabi mong karelasyon ng daddy mo?”

“Absolutely. Si Daddy mismo ang nagbigay ng pangalan niya. And according to him, ang sabi raw ng mommy mo ay dalaga siya. Kaya nagulat ako n’ung sinabi sa akin ni Cristy na ang anak niya ang sumagot sa telepono.”

Parang bigla siyang nanlambot. Hindi niya lubos inakala na ipinagkakaila na pala siya ng sarili niyang ina. “Ang sabi niya wala raw siyang anak?”

“Not exactly, pero ang sabi raw niya kay Daddy, she never got married.”

“That’s a lie!” she almost exclaimed. “Ikinasal sila ni Daddy bago ako ipanganak. May picture pa nga ako ng kasal nila, at

malaki na ang tiyan niya noon.”

He raised five fingers over the table, cueing for her to calm down.

Biglang huminto si Sara at natagpuan niya ang sariling humihingal sa galit. Hindi niya inakalang ganoon na pala kasalbahe ang kanyang ina. “Sorry,” she said in a much softer voice. “Alam na ba ng daddy mo na may anak at dating asawa si Mommy?”

Umiling ito. “Hindi ko na sinabi. Baka hindi rin niya ako paniwalaan. Yung asawa nga niya ay hindi niya madalaw. Nag-iinarte lang daw si Mommy para kaawaan niya.”

Gumulong ang kanyang mga mata. Parang gusto niyang murahin ang ama nito ngunit nagpigil siya. Kung uumpisahan niya ay baka ganoon din ang sabihin nito sa kanyang ina.

“So, ano’ng gusto mong mangyari ngayon?” tanong niya.

Bumuntong-hininga si Darell. “Like I said earlier, lumalala ang lagay ni Mommy, and I’m really worried. So if you don’t mind, I’m begging you to convince your mother to leave my father. Para bumalik na si Daddy sa bahay.”

Minasahe niya ang kanyang noo. Madaling sabihin, pero hindi ganoon kadali ang nais nitong mangyari. “Problema, kahit naman kumbinsihin ko si Mommy, buti kung makikinig siya sa akin. Sabihin pa niya pakialamera ako.”

“There’s nothing wrong with trying. There might be a chance.”

Huminga siya nang malalim. Sa pagkakilala niya kay Tessa, matigas ang ulo nito, kaya parating nakikipagtalo ito noon sa kanyang ama. “I don’t think I can help you with that, Darell. Noon ngang iniwan niya si Daddy, umiyak pa akong nagmakaawa sa kanya pero binagsakan niya ako ng telepono.”

Darell was momentarily quiet, ngunit hindi ito sumuko. Halatang nag-iisip pa rin ito ng paraan. “Forgive me if I ask you this, pero sa tingin mo ba it has something to do with money kaya nakipagrelasyon ang mommy mo kay Daddy?”

Umiling siya. May pagka-materialistic ang kanyang ina, ngunit hindi pa niya ito kailanman nakitang nanghingi sa dating asawa nito. “I don’t know. I never had the chance to know my mother very well.”

“I can pay her if it’s money that she wants. I’ll give her monthly allowance as well. Basta’t iwanan lang niya si Daddy.”

Napatingin siya rito. Kung iyon nga ang motibo nito sa ama ni Darell ay baka sa ganoong paraan nila maaayos ang problema. Siguro nga ay naubos na ang natanggap ni Tessa na retirement pay nito nang magpatayo ito ng sarili nitong bahay kaya napagdiskitahan nito ang isang matandang mayaman.

“Paano ko naman sasabihin sa kanya?”

“Tell her I’m offering her two million pesos.”

Sara chuckled. “Sa tingin mo ba papayag siya? Sabi mo nga nag-file pa ang daddy mo ng annulment para pakasalan siya. Kapag naging Mrs. Montana na siya ay mas malaki ang makukuha niya sa daddy mo. Bakit naman niya ipagpapalit ’yun sa two million pesos?”

“Five million then. Kung hindi pa siya kontento, puwede naming pag-usapan kung magkano ang presyo niya.”

She sighed deeply. “I don’t know, Mr. Montana, but I’ll try anyhow. Ayaw ko rin kasing masira ang pamilya mo dahil lang sa mommy ko.”

He smiled then, as though relieved. “Thank you.”

Para bang biglang nakalimutan ni Sara ang kanilang suliranin at nahiyang yumuko. Basta ngumingiti ang lalaki ay hindi niya mapigilan ang paglukso ng kanyang puso.

Aabutin na sana niya ang kanyang juice nang may maramdaman siyang isang kamay na humalbot doon. Pagtingala niya ay naibuhos ang malagkit at malamig na tubig sa kanyang mukha.

Sa labis na gulat ay natulala siya. Kahit nakita niyang biglang tumayo si Darell para awatin ang walanghiyang babaeng iyon ay hindi niya nagawang gumalaw.

“You jerk!” tili ng babae. “Ang sabi mo busy ka! ’Andito ka

lang palang nakikipag-date sa babae mo!”

Tumayo siya at akmang hihilahin ang buhok ng estranghera pero nailayo sa kanya ni Darell ang babae. Humihingal siya sa galit na tumayo roon hanggang dumating ang isang waitress at dinampian ng panyo ang kanyang mukha at ang umagos na tubig sa kanyang dibdib at damit.

Hindi niya napigilang mapamura kahit ba narinig iyon ng mga tao sa paligid niya. Sa buong buhay niya ay wala pang lumapastangan sa kanya nang ganoon.